9

**Republic of the Philippines**
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeMs)

## FILIPINO 9 (Ikaapat na Markahan-USLeMs:6)


**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Adelwisa P. Mendoza |
| **Tagaguhit:** | Paolo N. Tardecilla |
| **Tagalapat:** | Maru U. Panganiban |
| **Tagasuri ng Nilalaman:** | Maru U. Panganiban |
| **Tagasuri ng Wika:** | Galcoso C. Alburo |
| **Tagapamahala:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR<br>Dr. Sheryll T. Gayola, SDS SDO-Marikina City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR<br>Dr. Elisa O. Cerveza, CID Chief SDO-Marikina City<br>Dr. Gloria G. Tamayo, EPS in Filipino-NCR<br>Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR<br>Galcoso C. Alburo, EPS in Filipino SDO-Marikina City<br>Ivy Coney A. Gamatero, LR EPS SDO-Marikina City<br>Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Menere R. Nasiad, PDO SDO-Marikina City<br>Catherine C. Paningbatan, Librarian SDO-Marikina City |



(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)

## Inaasahan

Sa pag-aaral ng USLeM na ito, inaasahang maisagawa mo ang sumusunod:

A. Natitiyak ang pagkamakatotohanan ng akdang napakinggan sa pamamagitan ng pag-uugnay sa ilang pangyayari sa kasalukuyan
B. Naipaliliwanag ang mga kaugaliang binanggit sa kabanata na makatutulong sa pagpapayaman ng Kulturang Asyano
C. Naipaliliwanag ang iba't ibang paraan ng pagbibigay ng pahiwatig sa kahulugan

## Unang Pagsubok

Sa nakaraang aralin ay natalakay na ang mga pahayag ng angkop na ekspresyon sa pagpapahayag ng damdamin-matibay na paninindigan.

A. Tukuyin mo ang pagkamakatotohanan ng mga pangyayari na nakikita pa natin sa kasalukuyan. Isulat sa kahon sa ibaba ng mga pahayag ang MK kung makatoohanan at HMK kung hindi makatotohanan.


| P | I | S | T | A |
|---|---|---|---|---|
| Pagsusuot ng magarang kasuotan at makukulay na kurtina. | Ingay na nagmula sa mga paputok | Sobrang paghahanda ng pagkain sa hapag | Tugtog ng musikero o banda na walang humpay habang nililibot ang buong bayan | Alay sa patron bilang pasasalamat at pagsamba |
| | | | | |

B. Mula sa mga halimbawang pahayag sa itaas, anong kaugalian o tradisyon ang ipinakikita? Tukuyin kung ang mga pahayag ay makatutulong sa ating mga Pilipino. Ipaliwanag

| Kaugalian/Tradisyon | Bakit makatutulong? | Bakit hindi makatutulong? |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |

C. Anong pag-uugali nating mga Pilipino ang lutang o ipinahihiwatig ng mga pahayag?

"SALOOBIN MO IBULALAS



## Balik-Tanaw

Alam ko na marami ka ng natutuhan sa nakaraang aralin. Subukin mo naman ngayon ang talas ng iyong alaala sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong . Balikan ito gamit ang gawain sa ibaba.

A. Hanapin sa Hanay B ang tinutukoy sa Hanay A

| **Hanay A** | | **Hanay B** |
|---|---|---|
| 1. Nakalimutan ko ang iyong kaarawan. | | A.Maikling sambitla |
| 2. Aray! | **Paraan ng Pagpapahayag ng Damdamin** | B. Pangungusap na nagsasaad ng tiyak na damdamin |
| 3. Nagpupuyos ang aking damdamin dahil sa matindi niyang panlalait sa akin. | | C.Pangungusap na padamdam |
| 4. Totoong nakalulungkot ang pagpanaw ng aking ina. | | D.Pangungusap na nagpapahiwatig ng damdamin sa hindi tuwirang paraan |

## Pagpapakilala ng Aralin

May iba't ibang paniniwala, kaugalian at tradisyon ang mga Pilipino na hanggang sa kasalukuyan ay talaga namang nakikita at idinaraos bilang bahagi ng kasaysayan at mga pangyayari sa ating kultura. Isa na rito ay ang padaraos ng pista bilang pagpaparangal at pasasalamat sa patron ng kanilang lugar, pamamanhikan, pagiging madasalin, mabuting pagtanggap ng bisita. pagmamano at iba pa. Ilan lamang iyan sa mga tradisyon, kaugalian na nagpapamalas ng mabuting katangian at nagpapatingkad ng katangian ng isang Pilipino. Mapapansin na lutang sa mga akdang pampanitikan ang pagkamaka-Pilipino dahil sa ating katangiang inilalapat sa mga tauhan at iniuugnay sa mga pangyayari. Saan man padparin ng kinabukasan ang katangiang taglay ng mga Pilipino ay mananatili at mag-uumalpas sa diwa at isusulat ng kamay ang mga kaisipan upang ipabatid sa babasahin o akda ang katangian ng mga Pilipino.

Taglay ng isang mabisang akda ang pagiging maktotohanan nito sa pammagitan ng pag-uugnay nito ng pangyayari sa kasalukuyan. Kalimitan gumagamit ng iba't ibang paraan ng pagbibigay pahiwatig sa kahulugan.

Narito ang iba't ibang paraan ng pagbibigay pahiwatig sa kahulugan gamit ang palatandaang kontekstuwal.

**Depinisyon o Kahulugan**-Pagbibigay ng bagong kahulugan sa mga salitang nakapaloob sa teksto o binasa

Halimbawa:
Nakatutuwang pagmasdan ang mga batang natatampisaw sa *tubig* na dulot ng malakas na *ula*n na tila walang inaalintanang sakuna.

**Paghihinuha**-Pagbuo o pagbibigay ng isang palagay / opinyon / konklusyon mula sa mga katotohanan o katuwiran.

Halimbawa: Walang mapagsidlan ng kaligayahan ang mababakas sa mga taong dumalo sa pista ng bayan. Bakas sa kanilang mga ngiti ang dulot ng pagdiriwang kinalugdan at ikinasaya ng lahat.

Mahihinuha na ang kahulugan ng kaligayahan ay ngiti dahil sa mga salitang kinalugdan at ikinasaya.

**Paghahambing/Kontrast**-Pagbibigay-halaga sa mga salitang naghuhudyat ng pagkakaiba tulad ng pangatnig na subalit, pero, at ngunit, na nagpapahiwatig ng kaibahan ng kahulugan ng isang salita sa isa pang salita.

Halimbawa:
Kapiranggot nga ang natirang pagkain ngunit nagkasya pa rin sa maraming nakasahod na kamay.

**Pagsusuri**-Pagsusuri sa pagkakabuo ng mga salitang-ugat at panlapi. Mapapansin na nakabatay sa paggamit ng panlapi nagkakaroon ng ibang kahulugan

Halimbawa:
tao-tauhan, panalag-sinalag, bait-baitan

# Gawain

**Gawain 1:** Gamit ang link na nasa ibaba, panoorin at suriin ang mga ito o maaring basahin ang nakatalang kabanata sa ibaba at pagkaraan ay sagutin nang pasalita ang mga tanong.
https://www.youtube.com/watch?v=F7UcGumBNhA

## Kabanata 29: Ang Umaga (Buod)

Sa mismong araw ng kapistahan, abala ang mga tao sa San Diego. Nagising sila nang maaga dahil sa tunog ng kapamana at mga paputok. Naggayak ang mga may kayang mamamayan ng kanilang pinakamagagarang damit at pinakamahal na mga alahas at palamuti. Isang uri lamang daw ito ng pagpapakitang tao. Dagdag pa niya, mas maraming dapat pagtuunan ng pansin na mas mahahalagang bagay kaysa sa pista.

Kapansin-pansin naman na hindi nagpalit ng kasuotan si Pilosopo Tasyo. Binati siya ng tinyente ngunit sinagot siya ni Tasyo. Sinabi nito na paglulustay lamang ng pera at oras ang kasiyahang katulad ng pista. Isang uri lamang daw ito ng pagpapakitang tao. Dagdag pa niya, mas maraming dapat pagtuunan ng pansin na mas mahahalagang bagay kaysa sa pista.

Sumang-ayon naman si Don Filipo sa sinabi ng matanda. Gayunman, wala siyang lakas ng loob na sumalungat sa mga pari.


May sakit naman si Padre Damaso na dapat magmimisa sa araw na iyon. Tumanggi na siya sa pagbibigay ng sermon ngunit pinilit siya ng ibang pari dahil siya lamang umano ang nakapagbibigay ng aral sa mga taga-San Diego. Dahil doon, agad na nagpapahid ng langis at nagpahilot si Padre Damaso upang guminhawa ang pakiramdam. Isang uri lamang daw ito ng pagpapakitang tao. Dagdag pa niya, mas maraming dapat pagtuunan ng pansin na mas mahahalagang bagay kaysa sa pista

Saktong alas-otso ng umaga nang magsimula ang prosisyon ng mga santo. Kahit sa pagprusisyon, mababatid ang pagkakaiba-iba ng antas ng mga mamamayan. Sa suot na abito ay malalaman agad kung sino ang mararangya at hindi.

Natapos ang prusisyon sa tapat ng bahay nina Kapitan Tiago. Naroon ang alkalde, si Kapitan Tiago, si Maria Clara, at si Ibarra.

**Mga Tanong:**
1. Ilarawan ang isinagawang pista ng san Diego?
2. Isa-isahin ang mga kaugalian ng Pilipino na naipakita sa kabanatang ito. Sa iyong palagay makabubuti ba ito sa pag-unlad natin bilang Asyano? Ipaliwanag .
3. Ano-anong pangyayari ang nakikita o nangyayari pa rin sa kasalukuyan? Sang-ayon ka ba sa gawaing ito?
4. Ilahad ang dahilan kung bakit hindi makapagmimisa si Padre Damaso. Anong paraan ang ginawa na nakapagpaginhawa sa kaniyang pakiramdam? Sa iyong palagay nangyayari pa ba ito sa ngayon?
5. Sa kabila ng si Padre Salvi na ang magmimisa sa araw na iyon bakit si Padre Damaso pa rin ang magsesermon sa araw na iyon.
6. Ano ang mahihinuha mo sa pahayag ni Pilosopo Tasyo sa kaniyang tinuran. Sang-ayon ka ba? Bakit?

**Gawain 2: Paghambingin mo**




# TANDAAN

Ang iba't ibang paraan ng pagbibigay ng kahulugan sa pahiwatig ay ang mga palatandaang kontekstuwal. Ito ay paraan ng pagbibigay kahulugan sa salita na nakapaloob ang kahulugan sa tekstong binasa.

| DEPINISYON/ KAHULUGAN | PAGHAHAMBING /KONTRAS | PAGHIHINUHA | PAGSUSURI |
|---|---|---|---|
| Pagbibigay ng bagong kahulugan sa mga salitang nakapaloob sa teksto o binasa | Pagbibigay-halaga sa mga salitang naghuhudyat ng pagkakaiba tulad ng pangatnig na subalit, pero, at ngunit, na nagpapahiwatig ng kaibahan ng kahulugan ng isang salita sa isa pang salita. | Nakabubuo o nakagagawa ng isang palagay / opinyon / konklusyon mula sa mga katotohanan o katuwiran. | Pagsusuri sa pagkakabuo ng mga salitang-ugat at panlapi. Mapapansin na nakabatay sa paggamit ng panlapi nagkakaroon ng ibang kahulugan. |

# Pag-alam sa mga Natutuhan

**Sumulat ng isang maikling pangangatuwiran**

Ilang araw na lang at nalalapit na ang kapistahan sa inyong lugar at dahil nasanay na ang iyong mga kamag-anak at kaibigan na dumalo kailangan ninyong

maghanda ng maraming pagkain. Lingid sa kanilang kaalaman, nawalan ng trabaho ang iyong mga magulang dahil sa pandemya. Hiniling ng iyong mga magulang na gastusin mo ang perang matagal mo nang inipon para makabili ka ng cellphone. Ano ang iyong gagawin? Hahayaan mo na lang bang mapahiya sila o ibibigay mo ang pera para may magastos sa paghahanda.

| **Pamantayan sa Pagmamarka** | |
|---|---|
| Makatotohanan | 15 puntos |
| Pagpapakita ng pag-uugaling makatutulong sa pag-unlad | 20 puntos |
| Matalinong pangangatuwiran | 15 puntos |
| **Kabuoan** | **50 puntos** |

## Pangwakas na Pagsusulit

Ngayong naunawaan mo na ang aralin, oras na para sukatin ang iyong natutuhan.

A. Isulat ang **M** kung ang pangungusap ay makabuluhan at makatutulong at **HM** kung hindi makabuluhan o hindi makatutulong sa pagdaraos ng pista

______ 1. Magagarang kasuotan at makukulay na kurtina.
______ 2. Taimtim na panalangin at magpasalamat.
______ 3. Makikinang na kasangkapan at kubyertos.
______ 4. Masaganang hapag /alak na mamahalin.
______ 5. Tunay na kahulugan ng piyesta

B. Ipaliwanag ang kahulugan ng pahayag sa ibaba bilang aral na mapupulot sa aralin (5 puntos).

| |
|---|
| Sinabi nito na paglulustay lamang ng pera at oras ang kasiyahang katulad ng pista. Isang uri lamang daw ito ng pagpapakitang tao. Dagdag pa niya, mas maraming dapat pagtuunan ng pansin na mas mahahalagang bagay kaysa sa pista. |

C. Ipaliwanag kung papaano ang iba't ibang paraan ng pagbibigay ng pahiwatig sa kahulugan. Gamitin ang iyonng natutuhan s aralin (5 puntos).

## Susi sa Pagwawasto

**Unang Pagsubok**

1.M
2.M
3.M
4M
5.M

Pagbabalik-tanaw

1.B
2.A
3.D
4.C

Pangwakas na pagtataya

1..HM
2.M Ang pagiging maluho nng mga Pilipino sa paglala
3.HM an ng kanilang panahon at salapi sa di makabu
4.HM luhang bagay ay hindi makatutulong sa pag-u
5.M

## Sanggunian

https://www.youtube.com/watch?v=F7UcGumBNhA

https://www.panitikan.com.ph/kabanata-29-ang-umaga-noli-me-tangere-buod

Noli Me Tangere ni Dr. Jose P. Rizal Isang Napapanahong Pagsasalaysay ni Josifina P. Buenaobra Leosa C. Taladro